# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG DISYEMBRE 27, 2023, MIYERKULES, IKA-9:40 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

SANGGUNIANG BAYAN RECORDED 15 JAN 2024 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME: May DATE: 01/15/24 TIME: ____ STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 451-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 3-T2023 NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL (MDC) NA PINAGTITIBAY ANG PROGRAMA PARA SA PONDO NG SURPLUS NG 20% MUNICIPAL DEVELOPMNENT FUND (MDF) 2022 NA NAGKAKAHALAGA NG P2,496,092.01 SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, may pagliliwat mula sa Kgg. Punong Bayan hinggil sa Kapasiyahang binabanggit sa itaas nito;

**SAPAGKAT**, ang Kapasiyahan Blg. 3-T2023 ng Municipal Development Council ay iniliwat sa Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT**, sa isinagawang pagtalakay sa lupon, inilahad ang mga programang nararapat na isakatuparan na tutugon sa mga pangunahing pangangailangan ng mga barangay at ng pamahalaang bayan; samantalang may pondong walang pinaglalaanan ang 20% MDF 2022 na maaaring gamitin para sa mga programa at proyektong tinutukoy.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Alan T. Pamatmat at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 3-T2023 ng Municipal Development Council (MDC) na pinagtitibay ang mga programa para sa pondo ng Surplus ng 20% Municipal Development Fund (MDF) 2022 na nagkakahalaga ng P2,496,092.01 gaya ng mga sumusunod:

**List of PPAs to be funded from Surplus of 20% Municipal Fund**
**P2,496,092.01**

| | | |
|---|---|---|
| 1. Installation of Solar Streetlights | Brgy. Calios | Php 361,249.90 |
| 2. Construction of Walkway Shed @ Santa Cruz Integrated National High School – Gatid Extension School Phase 1 | Brgy. Gatid | Php 624,378.00 |
| 3. Construction of Perimeter Fence | Paradiso, Brgy. Calios | Php 385,000.00 |
| 4. Rehabilitation of Streetlights | @ Various Barangays | Php 1,125,464.11 |
| Total | | Php 2,496,092.01 |

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay ng Kaunlaran, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 27, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

1/12/24

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

011124